
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

## Alamin

Magandang araw sa iyo!

Ako'y lubos na nasisiyahang ipaalam na sa araling ito ay matututunan mong gamitin ang pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa tao, lugar at bagay sa iyong paligid.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- nakagagamit ng pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid (F3WG-Ia-d-2).




# Subukin

Isulat ang pangngalan ng bawat larawan sa angkop na hanay.


aklat


Araw ng Barangay


kabayo


hardin


Lita

| Tao | Bagay | Hayop | Lugar | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

# Aralin 1 — Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay

## *Balikan*

Balikan natin ang iyong karanasan noong nasa Ikalawang Baitang ka. Sagutin mo ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang pangalan ng iyong paaralan?

________________________________________

2. Ano-ano ang kagamitan mo sa pag-aaral?

________________________________________

3. Sino ang matalik mong kaibigan?

________________________________________

4. Sino ang iyong guro noong nasa ikalawang baitang ka?

________________________________________

5. Saan ka bumibili ng pagkain tuwing **recess**?

________________________________________

## *Tuklasin*


Punan mo ng angkop na pangngalan ang bawat patlang upang mabuo ang talata. Piliin sa kahon ang iyong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| aso | Mara | bahay |
| Mankilam | magulang | |

### Ang Batang Masipag

Sinulat ni: Helen A. Bustamante

Si (1) ___________  ay siyam na taong gulang. Ipinanganak siya sa (2) ____________  noong Setyembre 2, 2010.

Sa murang edad, mapapansin na ang kaniyang kasipagan. Tuwing Sabado, maaga siyang gumigising upang magwalis sa kanilang bakuran, magdilig ng halaman at magpaligo ng alaga niyang (3) _______ . Tumutulong din siya sa kaniyang ina sa pagluluto at paglilinis ng kanilang (4) ___________ .

Masayang-masaya ang kaniyang mga (5) _________  dahil sa kasipagang ipinakita ng anak.

# *Suriin*

**Pangngalan** ang tawag sa salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari. Ang dalawang uri nito ay ang **pantangi** at **pambalana.**

**Pantangi** ang tawag sa pangngalang tumutukoy sa tiyak o partikular na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari. Nagsisimula ito sa malaking titik.

Halimbawa:

Lita, Mongol, Bantay, Barangay Mankilam, Araw ng Barangay

**Pambalana** ang tawag sa pangkalahatang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari. Nagsisimula ito sa maliit na titik.

Halimbawa:


guro, paaralan, lapis, palatuntunan, aso

Nagagamit ang **pangngalan** sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar at bagay sa paligid.

Halimbawa:



Si **Ana** ay nagwawalis. (tao)



Ang **aklat** ay makapal. (bagay)



Presko ang hangin sa **bukid**. (lugar)

# Pagyamanin

Gawain A

Pagtambalin ang pangngalang pambalana na nasa Hanay A sa pangngalang pantangi na nasa Hanay B.

| A | | | B |
|---|---|---|---|
| ina | ● | ● | Didas Shoe |
| kainan | ● | ● | Jullibee Carenderia |
| sapatos | ● | ● | Aling Nena |
| simbahan | ● | ● | Davao del Norte |
| probinsiya | ● | ● | San Pedro Cathedral |

Gawain B

Iguhit ang bilog (○) sa kahon kung ang pangngalang tinutukoy ay pambalana at bituin (☆) naman kung ito ay pantangi.

☐ bunso

☐ Pilipinas

☐ paaralan

☐ Farmer's Market

☐ Bb. Emely R. Santos

# Isaisip

Punan ang patlang upang mabuo ang bawat pangungusap.

1. Ang pangngalan ay mga salitang tumutukoy sa ngalan ng ________________, __________________, ________________, __________________, at __________________.

2. Ang dalawang uri ng pangngalan ay __________________, at __________________.


3. Ang tawag sa tiyak o partikular na ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari ay __________________.


4. Ang tawag sa pangkalahatang ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, at pangyayari ay __________________.


5. Nagagamit ang __________________ sa pagsasalaysay tungkol sa tao, lugar, at bagay sa paligid.


# *Isagawa*

Gamitin ang sumusunod na larawan upang makasulat ng isang pangungusap.

1. 

2. 

3. 

4. 


5. 

## *Tayahin*


Tingnan mo ang mga larawan sa bawat bilang. Isulat ang letra sa patlang at pumili ng sagot sa kahon.

A. matalinong guro
C. malinis na parke
B. malaking gitara
D. malambot na unan
E. naghahabulan na mga bata


__________ 1.




__________ 2.




____________ 3.



____________ 4.



____________ 5.



Pumili ng limang pangngalan mula sa listahan. Gamitin ang mga ito sa pangungusap na magsasabi ng iyong sariling karanasan.

| | | |
|---|---|---|
| kuya | aklat | palengke |
| simbahan | nanay | Araw ng Barangay |

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3.

4.

5.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**


| Tao | Bagay | Hayop | Lugar | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| Lita | aklat | kabayo | hardin | Araw ng Barangay |

**Balikan**
Maaaring iba-iba ang sagot.

**Tuklasin**
1. Mara
2. Mankilam
3. aso
4. bahay
5. magulang

**Pagyamanin**
**Gawain A**
ina –Aling Nena
kainan – Jullibee Carenderia
sapatos – Didas Shoe
simbahan – San Pedro Cathedral
probinsiya – Davao del Norte

**Pagyamanin**
**Gawain B**



**Isaisip**
1. tao, bagay, hayop, lugar, at pangayaari
2. pantangi, pambalana
3. pantangi
4. pambalana
5. pangngalan

**Isagawa**
Maaaring iba-iba ang sagot.

**Tayahin**
1. D
2. E
3. B
4. A
5. C

**Karagdagang Gawain**
Maaaring iba-iba ang sagot.